SALIG BANGSAMORO

COMMUNITY BULLETIN | NOVEMBER 30, 2020

RUMOUR ANSWER

Salig Bangsamoro

(Trust Bangsamoro) Ang Salig Bangsamoro ay ulat sa mga kumakalat na mga haka-haka at maling impormasyon patungkol sa COVID-19 sa Mindanao partikular sa BARMM. Ito ay hatid sainyo ng Rooted in Trust project ng Internews sa tulong ng USAID.

Sa linggong ito, dalawang usap-usapan tungkol sa COVID-19 ang aming nakuha mula sa social media monitoring platforms. Una, may isang haka-haka na ang bakuna sa COVID-19 ay di umano may microchip at isang US businessman ang nasa likod nito. Pangalawa, may isang pabirong sabi-sabi na ipasara na lamang ang mga testing centers para maresolba na ang pandemya. Nakatanggap ito ng mga seryosong tugon at may tyansang paniwalaan ng iba. Sa edisyon na ito, nagbigay kami ng mga mungkahi at suhestyon para malabanan ang pagkalat ng haka-hakang ito.

Haka-haka 1

Microchip sa mga Bakuna; Bill Gates ang may Sala

"Ang COVID-19 vaccine na mayroong microchip ay malapit nang ilabas sa US. Kaya dapat wag kayong magpabakuna kapag ito ay andiyan na sa Pilipinas, dahil gagamit sila ng ibang uri ng hiringgilya at lalagyan ito ng microchip... Sabihan niyo ang inyong mga mahal sa buhay. Hindi ito biro... si Bill Gates mismo ang gumawa ng virus na dinala niya sa China, at nung kumalat na ito sa buong mundo, maglalabas din siya ng bakuna laban dito... Ang mga doktor mismo ang nagsabi na ang bakunang ito ay hindi makakabuti sa ating katawan dahil sa laman nitong kemikal at microchip." (Lalaki, 46-50 edad)

Rumor risk level: Medium
Platform: Facebook
Reactions: 38
Comments: 3
Shares: 69

Ang pahayag na ito laban sa COVID-19 vaccine ay may potensyal na paniwalaan ng iba at hindi na lamang magpabakuna. Sa simula pa lang ng taon, kumakalat na ang maling impormasyon na ito hindi lang sa Pilipinas, kundi pati sa iba pang parte ng mundo. Ang Facebook post na ito ay maaaring ibinahagi ng isang Pilipinong nakatira sa Amerika at naipasa na sa pamamagitan ng chain messages. Ang ganitong uri ng haka-haka ay maaaring maging hadlang sa ating inaasam na pagwawakas ng pandemya. Maaaring magdulot ito ng takot sa ating komunidad na hindi na tuluyang magpabakuna at mabawasan ang kumpyansa sa ating mga doktor at health worker.

Mula pa noon, napatunayan nang mabisa ang mga bakuna laban sa mga virus. May kakayahan itong mailigtas ang milyon-milyong buhay kada taon. Ang smallpox ay isa sa mga sakit na tuluyang napuksa ng dahil sa bakuna. Ang polio, tigdas, beke, diptheria, tetanus, at rabies ay ilan din sa mga sakit na puwedeng maiwasan kung ikaw ay magpapabakuna. Gumagana ang bakuna sa pamamagitan ng pagtuturo sa ating mga katawan na labanan ang mga virus.

Kung ikaw ay hindi magpapabakuna laban sa mga sakit na ito, maaaring mailagay mo sa peligro hindi lamang ng iyong sarili, pati na rin ang mga mahal mo sa buhay.

Ang mga haka-hakang kaugnay ng pag-iineksyon ng microchips na pamumunuan umano ng bilyonaryo at Microsoft founder na si Bill Gates ay hindi totoo. Naglabas na ng pahayag ang kampo ni Bill Gates upang itanggi ito, at wala ring siyentipikong ebidensya para patunayan ito. Ang mga bakuna ay may iba't ibang uri ng mga sangkap na magtuturo upang mapalakas ang ating mga resistensya laban sa mga sakit.

At ang microchip ay hindi kabilang dito. Sumasailalim din ang mga ito sa isang mahaba at kumplikadong proseso (tignan ang drawing sa baba) upang masiguro na ligtas ang mga bakuna bago ito ipagamit sa publiko. Sa ngayon, nakapagtala na ang WHO ng apatnapu't dalawang kandidato para sa COVID-19 vaccine, sampu ay nasa ikatlong antas na kung saan susubukang ibigay ang bakuna sa libo-libong tao. Ang ating bansa ay aktibo at patuloy na gumagawa ng paraan upang masiguro na magkakaroon na ng COVID-19 vaccine sa Abril hanggang Hunyo ng susunod na taon.

PAANO NGA BA NABUBUO ANG ISANG BAKUNA?

Nawa'y tayo ay natuto na mula sa ating mga pagkakamali. Huwag na sana lumaki pa ang bilang ng mga inidibidwal lalo na ng mga bata na magdurusa sa mga sakit na maaari namang mapigilan. Kagaya nitong nakaraang polio outbreak na madali sanang nalunasan kung tayo lamang ay nagtiwala sa pagbabakuna. Huwag pa rin nating kalimutan na sumunod sa minimum public health safety standards na itinakda ng Department of Health habang tayo ay naghihintay sa COVID-19 vaccine.

Haka-haka 2

Ipasara ang mga Testing Center para matapos na ang COVID-19

"Good news para mawala ang COVID-19! Meron ng solusyon at siguradong wala nang magiging positive... Sinimulan na siya ng Red Cross, ituloy na sana ng iba. Isara na ang lahat ng testing centers."
(Marawi City, Lalaki, 46-60 edad)

Rumor risk level: Medium
Platform: Facebook
Reactions: 621
Comments: 49
Shares: 12

SAGOT

Ito ay pabirong sabi-sabi na maaaring iba ang maging dating sa mga nakakabasa at mapaniwalaan na tama lamang ang pagpapasara ng mga testing centers.

Kaugnay ito sa isyu ng Philippine Red Cross, isang organisayon na tumutulong sa pagsagawa ng mga COVID-19 screening sa bansa, nang itigil nito noong Oktubre 14 ang COVID-19 tests na pinondohan ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth). Dahil ito sa hindi pagbayad sa lumalaking utang ng PhilHealth sa Red Cross na naging dahilan ng libo-libong overseas workers at mga kababayan nating bumabalik sa bansa na matigil sa mga quarantine facilities dahil kailangan nilang hintayin ang negatibong resulta bago makauwi.

May P1.1 bilyon na utang ang PhilHealth sa Red Cross at kinilala ng gobyerno na ito ay malaking halaga para maipagpatuloy ang testing. Ang Red Cross ay responsible sa 25% ng isinasagawang testing sa ating bansa. Nitong Oktubre 28, nagpatuloy na muli ang Red Cross dahil nagbayad ang PhilHealth ng P600 milyon o higit sa kalahati ng utang nito.

Ang dagling pagtawag para ipagpatuloy ang COVID-19 testing ng Red Cross ay nagpapakita lamang na importante ang papel na ginagampanan nito sa pandemya. Para sabihin na ito ay ipasara na lamang lahat ay hindi nakakatulong para sugpuin ang pagkalat ng virus, pagtukoy at pag-isolate ng COVID-19 na pasyente at para mapabilis ang proseso ng contract tracing. Ang pagpapa-test ay higit pa sa isang dokumento na kailangang ipasa, ito ay para maprotektahan ang iyong sarili, pamilya at mga madadaling mahawa ng virus sa ating komunidad.

SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPABAKUNA, PINOPROTEKTAHAN MO ANG IYONG SARILI PATI NA ANG MGA TAO SA IYONG PALIGID. HINDI SOLUSYON SA PANDEMYA ANG PAGPAPASARA NG TESTING CENTERS.

Kung ikaw o ang iyong mga mahal sa buhay ay nakararanas ng mga sintomas gaya ng lagnat, pag-ubo, pagtatae, at panghihina ng katawan at nangangailang sumailalim sa COVID-19 testing, agad na makipag-ugnayan sa inyong Barangay Health Emergency Response Teams (BHERTS) or tumawag sa mga sumusunod na numero:

Cotabato Sanitarium
064 429-0082

BANGSAMORO EMERGENCY HOTLINE NUMBERS
Globe: 09663018777
Smart: 09363395221

AMAI PAKPAK MEDICAL CENTER-COVID HOTLINES
Smart: 09991909488
Globe: 09955632722

USAID FROM THE AMERICAN PEOPLE
Internews Local voices. Global change.
IDEALS INC. Lawyering for Development

We welcome your feedback, questions, and suggestions to help local media produce reliable and accurate reporting on COVID-19.
Please contact: Kia Obang, Data Analyst (kobang@internews.org) or **Paola Mikaela Alpay, Information Manager** (palpay@internews.org)